

# UGNAYAN ng Motibasyon sa Pagbasa at Kasanayang pagsulat sa Pakikilahok ng mga Mag-aaral sa KLASSE

*Fernando Paulo Q. Perez<sup>1</sup>, Mildred P. Galvez, PhD<sup>2</sup>*

<sup>1</sup>Teacher, SHS Department, Cor Jesu College Inc., Digos City, Davao del Sur, Philippines  
paulo05perez@gmail.com

<sup>2</sup>Professor, Graduate School Department, University of the Immaculate Conception, Davao City, Philippines  
mgalvez@uic.edu.ph

## ABSTRAK

Ang pananaliksik ay naglahad sa makabuluhang ugnayan ng motibasyon sa pagbasa at kasanayang pagsulat sa pakikilahok sa klase, dalawang daan at walumpu't isang mag-aaral na may asignaturang Filipino sa tatlong pribadong paaralan sa Lungsod ng Digos ang naging mga respondente. Isang kwantitatibong pamamaraan na deskriptibong-korelasyonal ang ginamit, raosoft application, cluster sampling, mga balidasyon na talatanungan ay inangkop at estadistika na gamit. Ipinakita ng resulta na may katamtamang antas ng motibasyon sa pagbasa, katamtamang antas ng kasanayan sa pagsulat, at mataas na antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral. Ipinakita ng resulta na ang motibasyon sa pagbasa ay may mababang positibong relasyon sa pakikilahok sa klase ng mga mag-aaral at ang kasanayang pagsulat ay may makabuluhang positibong katamtamang relasyon sa pakikilahok sa klase ng mga mag-aaral. Mayroong makabuluhang impluwensiya sa pagitan ng motibasyon sa pagbasa at pakikilahok sa klase ng mga mag-aaral at kasanayang pagsulat at pakikilahok sa klase ng mga mag-aaral. Bilang karagdagan, ang kasanayang pagsulat ay higit na nakaimpluwensiya sa pakikilahok ng mga mag-aaral kumpara sa motibasyon sa pagbasa.

*Susing salita: Motibasyon sa pagbasa, kasanayang pagsulat, pakikilahok sa klase, asignaturang Filipino, kwantitatibo, penomenolohikal, deskriptibong-korelasyonal, Pilipinas*

---

## INTRODUKSYON

Ang pakikilahok sa klase ng mga mag-aaral ay isa sa mga pangunahing isyu na kinahaharap ng mga guro at mag-aaral sa larangan ng edukasyon lalo na sa pagtuturo ng Filipino sa aspekto ng pagbasa at pagsulat. Habang patuloy ang pagbabago ng mga interes at pananaw ng mga mag-aaral, nakita ang pagbaba ng aktibong pakikilahok sa mga talakayan at gawain sa asignaturang ito. Batay kay Wiggins (2021), nalaman na may ugnayan sa pagitan ng motibasyon sa pagbasa at pakikilahok sa klase ng mga mag-aaral. Kapag ang isang mag-aaral ay may mataas na antas ng motibasyon sa pagbasa, mas nagiging aktibo siya sa pagkuha ng impormasyon, pagbibigay ng sariling pananaw, at pagsasalin ng kaalaman sa iba't ibang sitwasyon sa klase. Nakita rin sa pag-aaral nina Barotas at Palma (2023), na merong epekto ang motibasyon sa pagbabasa sa pakikilahok sa klase ng mga mag-aaral.

Sa kabilang banda sa pag-aaral ni Kartika (2024), nakita na may malakas na positibong

ugnayan na nagpapahiwatig na mas mataas ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral na aktibong nakikilahok sa pagkatuto. Gayundin sa natuklasan nina Chavangklang T. at Chavangklang P. (2024), ang makabuluhang pagtaas sa kakayahan sa pagsulat, kung saan may ugnayan sa pagitan ng pakikilahok sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Katulad din ito sa mga natuklasan nina Mao at Lee (2023), binigyang-diin na mahalaga ang mabisang pakikilahok upang mapabuti ang kasanayan sa pagsulat at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa pananaliksik na isinagawa ni Yildirim (2017) sa Estados Unidos, may ilang mga aspekto na hindi nakikilahok ang mga mag-aaral sa klase ay hindi sila mahusay sa wika o walang sapat na bokabularyo. Sa komprehensibong pananaliksik na isinagawa ni Wang et al., (2017) ang pakikilahok ng mag-aaral ay may epekto sa pagtupad sa pag-aaral sa maraming bansa isang malakas na ugnayan sa akademikong tagumpay sa bawat rehiyon. Batay kina Konold et al. (2018), ang mataas na antas ng estruktura at suporta para sa mga mag-aaral ay nagtataglay ng mas mataas na antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral. Ang aktibong pakikilahok ay malakas na prediktor ng akademikong tagumpay sa mga sistema ng edukasyon (Nauzeer at Jaunky, 2021). Sa pananaliksik nina Zhang at McEneaney (2020), sa China aktibong lumalahok sa klase ang mga mag-aaral; nagtatanong, nakikilahok at nakikihalubilo sa kanyang mga kaklase ay nagpapakita ng positibong antas sa kanilang pag-aaral. Sa karagdagan, sa bansang Japan sa pananaliksik nina Miyake at Kirshner (2014), ipinahiwatig kapag hindi aktibong nakikilahok sa klase ang mga mag-aaral ay nakakukuha ng mababang resulta sa akademiko kaysa sa mga mag-aaral na aktibong nakikilahok sa klase.

Sa Pilipinas ayon kay Delpifino (2019), nalaman ang pakikilahok sa klase ng mga mag-aaral ay isang malakas na prediktor sa akademikong tagumpay. Batay sa pananaliksik ni Ngag (2023), nakita na limitado ang pag-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral kung kaya hindi nakikilahok sa klase at mababang interes sa paggamit nito. Sa karagdagan kina Moralista at Oducado (2020), maraming mag-aaral ang nakaranas ng mababang motibasyon at kawalan ng gana sa pag-aaral bunsod ng limitadong akses sa teknolohiya, mahinang koneksyon sa internet, at kawalan ng pisikal na interaksyon sa larangan ng edukasyon.

Sa sekondaryang lebel na Senior High School ay kailangan matutunan at maunawaan ang asignaturang Filipino. Inaasahan sa bawat mag-aaral ay matutunan ang wika sa aspeto ng pagsulat, pagbasa at pagsalita. Sa kasalukuyan, ang mga guro sa Filipino ay naghahanap pa ng pinakaangkop na pag-aaral upang matulungan na maiangat ang kanilang motibasyon sa pagbasa, mapayabong ang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa kasanayang pagbasa at pagsulat sa Filipino. Ang mananaliksik ay dumulog sa ilang mga pag-aaral sa motibasyong pagbasa at kasanayang pagsulat ngunit wala pang lokal na pag-aaral na maiuugnay nito sa pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase sa Senior High School. Kaya naman, ninanais ng mananaliksik na malaman ang ugnayan ng pakikilahok sa klase sa motibasyong pagbasa at kasanayang pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino upang mabigyang tugon ang mga suliraning ito.

Ang ugnayan sa pagitan ng motibasyon sa pagbasa bilang malayang baryabol at pakikilahok sa klase sa Filipino bilang di-malayang baryabol ay mahalaga upang maunawaan kung paano nakaaapekto ang iba't ibang pamamaraan ng pagtuturo sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagkatuto. Sa pamamagitan ng pagsisiyasat sa ugnayang ito, layunin ng pag-aaral na magbigay ng mga pananaw ukol sa mga epektibong estratehiya sa pagtuturo na maaaring mapabuti ang pagkatuto ng wika sa asignaturang Filipino. Ang mga nakalap na datos ay nagamit upang ipahayag at irekomenda ang mga posibleng estratehiya sa proseso kasabay ng pagtulong sa mga guro/administrador ng paaralan na maunawaan kung paano malinang ang mga kasanayang ito at magamit upang makalikha ng mabisang paraan ng pampagkatuto para sa mga

mag-aaral.

Sa kabilang banda ang ugnayan sa pagitan ng kasanayang pagsulat bilang malayang baryabol at pakikilahok sa klase sa Filipino bilang di-malayang baryabol. Ang kasanayan sa pagsulat ay lalong mahalaga kapag nag-aaral ng Filipino. Ang pagpapaunlad ng mga makrong kasanayan tulad ng pagsulat ay may mahalagang papel sa paghubog ng kasanayang pangwika. Ang aktibong pakikilahok ay napalawak ang kanilang karunungan, naipakita ang kanilang kahusayan, natasa ang kanilang natutunan, nagkaroon sila ng lakas ng loob na maniwala sa kanilang sarili, at nagamit ang mga natutunan. Sa pamamagitan ng ugnayang ito, layunin ng pag-aaral na magbigay ng mga pananaw ukol sa mga epektibong pagtuturo na maaaring mahasa ang kasanayang pagsulat sa asignaturang Filipino.

Mahalagang pag-aralan ang paksang nauukol sa pakikilahok sa klase upang maibahagi ang kamalayan sa mga aspekto na may epekto sa pakikilahok sa klase ng mga mag-aaral. Sa kasalukuyan, may mga mananaliksik na inalam ang mga sanhi ng mababang pakikilahok sa klase (Plasman, 2018). Kung kaya, minabuti ng mananaliksik na malaman kung may makabuluhang bang ugnayan ang motibasyon sa pagbasa, kasanayan sa pagsulat sa pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase sa Filipino.


## TEORETIKAL NA BALANGKAS

Ang pinagbatayang teorya sa pananaliksik na ito ay ang Engagement Theory na ibinahagi nina Kearsley at Schneiderman (1999), ang pangunahing ideya ng teoryang ito ay ang mga mag-aaral ay dapat makisali sa pamamagitan ng makabuluhang mga aktibidad sa pag-aaral at mga pakikipag-ugnayan upang pasiglahin ang kanilang akademikong pagganap. Ang teorya ay nakatutok sa paggamit ng materyales upang mapadali ang mga paraan upang maakit ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng pag-aaral. Ito ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng makabuluhang pakikipag-ugnayan at kolaborasyon sa pagpapaunlad ng aktibong pag-aaral.

Ang isa pang teoryang pinagbatayan ay ang Achievement Goal Theory ay karaniwang ginagamit para sa pag-unawa sa pagganap ng mga mag-aaral. Ito ay nangangahulugang ang pagtatagumpay sa tunguhin ay kinabibilangan ng mga kognitibong proseso na nagdudulot ng epekto sa pag-iisip, pakiramdam, at pag-uugali. Ang teorya ay nagbibigay ng balangkas para sa pag-unawa kung paano naiimpluwensyahan ang mga layunin ng mga mag-aaral sa kanilang motibasyon at pag-uugali sa mga konteksto ng pag-aaral, kabilang ang pagbasa at pagsulat. Binibigyang-diin ng teorya ang pag-unlad ng motibasyon sa pagbasa at kasanayang pagsulat sa kahalagahan ng pag-aaral. Ayon kina Dweck at Leggett (1998) ang teorya ay nagsasabi na ang motibasyon ng mga mag-aaral, kanilang pagtatagumpay at pinapakita ay dahil mayroon silang layunin kaya ang mga mag-aaral ay nakikilahok sa gawaing pagkatuto.

### **Talaguhitan 1**

*Konseptuwal na balangkas ng pag-aaral*



## METODO

Ang pananaliksik na ito ay ginamitan ng deskriptibong-korelasyonal na disenyo. Binanggit ni Omair (2015), ang deskriptibong-korelasyonal na disenyo ay estratehiya sa kwantitatibong pananaliksik na layunin nitong masuri ang ugnayan ng malayang baryabol sa di-malayang baryabol. Ang disenyong ito ay ginamit upang malaman ang ugnayan at relasyong ng mga baryabol. Naaakma ang metodong deskriptibong korelasyonal sa pananaliksik na ito upang ipaliwanag ang koneksyon ng malaya at di-malayang baryabol. Panghuli, nais ng mga mananaliksik na malaman ang ugnayan ng motibasyon sa pagbasa at sa kasanayang pagsulat sa pakikilahok ng mga mag-aaral sa Senior High School.

Ang talatanungang ginamit sa pananaliksik ay may tatlong bahagi. Talatanungan tungkol sa motibasyon sa pagbasa na inadapt mula sa pag-aaral nina Gutrhrie, J. T., at Coddington, C. S. na “Profiles of Reading Motivation among African American and Caucasian Students,” kasanayan sa pagsulat na inadapt mula kay Galvez sa Modelong Istruktural Na Pantaya Sa Kasanayan Ng Pagsulat Sa Filipino, at ang talatanungan tungkol sa pakikilahok sa klase na inadapt mula sa pag-aaral na Ang Tagapamagiting Epekto Ng Estratehiya Sa Pagbasa Sa Ugnayang Kasanayang Pagsulat At Pakikilahok Ng Mga Mag-Aaral nina Ayog at Oliva. Ang talatanungan ay sinuri ng tatlong eksperto sa larangan ng edukasyon at wika upang tiyakin na ang bawat tanong ay naiuugnay sa mga layunin ng pananaliksik. Panghuli ang talatanungan ay dumaan sa pilot testing, lumabas na katanggap-tanggap ang talatanungang ginamit dahil sa resulta ng Cronbach's alpha na mas mataas sa 0.70.

Ginawa ng mananaliksik ang kanyang pag-aaral sa lungsod ng Digos sa tatlong pampridadong paaralan. Pinili ng mananaliksik ang tatlong pribadong paaralan sapagkat ang mga ito ay kumakatawan sa iba't ibang antas ng kalidad ng edukasyon at uri ng pamamahala sa mga pribadong institusyon sa lungsod. Bukod dito, ang mga paaralang ito ay may maayos na sistema ng pagtuturo, sapat na imprastruktura at urbanisadong bahagi na nagbibigay-daan sa mananaliksik ng paaralan at mga respondente ng pananaliksik. Batay sa Philippine Statistics Office (2015), ang lungsod ng Digos ay may kabuuang populasyon na 169,393, na

nangangahulugang may sapat na bilang ng mga mag-aaral sa mga pribadong paaralan na maaaring maging respondente sa pananaliksik.

Ang pananaliksik ay isinagawa sa tatlong pribadong paaralan sa Lungsod ng Digos at ginamitan ng aplikasyong Raosoft sampling calculator sa pagkuha ng desired sampling. Batay sa tala ng tatlong pribadong paaralan sa lungsod ng Digos, ang kabuuang populasyon ng mga mag-aaral sa ikalabing-isang (11) baitang sa Paaralan A ay may 210, Paaralan B ay may 510 at, Paaralan C ay may 311. Mula sa kabuuang populasyon ng tatlong paaralan na 1,031 na mag-aaral. Sa paggamit ng Raosoft Application, mula sa (1,031) sample size na ginamit ng mananaliksik sa mga mag-aaral, ang resulta ay 281 na respondente na may confidence level na 95% at margin of errors na 5%. Ayon kay Isip (2023), ang bilang na ito ay akma para sa isang kwantitatibong pananaliksik.

Gumamit ng cluster sampling technique ang mananaliksik, batay kay Cochran (1977), isang uri ng probability sampling kung saan hinahati ang populasyon sa mas maliliit na pangkat o "cluster," at pagkatapos ay random na pinili ang mga cluster upang maging sample ng pananaliksik. Tanging kabilang sa pananaliksik na ito ay mula sa tatlong pribadong paaralan: Paaralan A (41) na mga respondente, Paaralan B (160) na respondente at Paaralan C (80) na respondente. Ginamitan ito ng mananaliksik ng cluster sampling na kung saan ito ang angkop na sampling teknik na pumipili lamang ng sample mula sa malaking grupo.

Mean, ito ay ginamit upang tukuyin ang antas ng motibasyon sa pagbasa, kasanayang pagsulat, at pakikilahok ng mga mag-aaral sa Filipino. Standard Deviation, ito ay ginamit upang tukuyin ang variability o disparity ng mga datos sa pananaw sa motibasyon sa pagbasa, kasanayang pagsulat at pakikilahok ng mga mag-aaral sa Filipino. Person-r Correlation, ito ay ginamit upang tukuyin ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pananaw sa motibasyon sa pagbasa at pakikilahok ng mga mag-aaral sa Filipino, pati na rin ang kasanayang pagsulat at pakikilahok ng mga mag-aaral sa Filipino. Multiple Regression Analysis, ito ay ginamit upang tukuyin kung ang pananaw sa motibasyon sa pagbasa at kasanayang pagsulat ay may makabuluhang ugnayan sa pakikilahok sa klase.

## MGA RESULTA

### Antas ng Motibasyon sa Pagbasa

Makikita sa talahanayan 1 antas ng motibasyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Senior High School batay sa panloob na motibasyon, pag-iwas sa pagbasa, tiwala sa sarili, at naramdaman na kahirapan sa pagbasa. Sa kabuuang antas ng motibasyon sa pagbasa ng mga mag-aaral ay nasa 3.14 na nangangahulugang katamtaman na motibasyon sa pagbasa ay palagi naipapakita. Ang kabuuang standard deviation na 0.39 ay nagpapahiwatig ng wala gaanong pagkakaiba sa nasabing baryabol batay sa pananaw ng mga respondente.

### Talahanayan 1

#### *Antas ng Motibasyon sa Pagbasa*

Indikeytor	Mean	SD	Deskriptibong Antas
Panloob na Motibasyon	3.51	0.59	Mataas
Pag-iwas sa pagbasa	3.10	0.61	Katamtaman

Tiwala sa Sarili	3.42	0.60	Mataas
Naramdamang Kahirapan sa Pagbasa	2.54	0.80	Mababa
<b>Kabuuang Mean</b>	<b>3.15</b>	<b>0.39</b>	<b>Katamtaman</b>

---

Sa pananaliksik nina Toste et al. (2017), nakita na ang motibasyon sa pagbasa ay nakakuha ng katamtamang antas, na nagpapakita na habang ang motibasyon ay nagpapabuti ng pagsisikap at interes sa pagbabasa, may iba pang mga salik tulad ng bokabularyo at dating kaaalaman ay mayroon ding mahalagang papel. Ito ay katulad sa resulta na nakita, nina McGeown et al.(2020) na ang motibasyon sa pagbasa ay nakakuha ng katamtamang epekto na nagpapahiwatig na habang nakatutulong ang motibasyon, hindi ito ang tanging salik sa pagtatagumpay sa pag-aaral ng mga mag-aaral. Bukod dito, ayon kina Savvidou at Pashiardis (2019), natuklasan na sumusuporta sa ideya na ang motibasyon sa pagbasa ay maaaring bahagyang nakaapekto sa mga resulta ng pagbabasa kapag pinagsama ang magagandang estratehiya sa pagtuturo at materyales sa pagkatuto.

**Panloob na Motibasyon.** Ipinapakita ng talahanayan na ang panloob na motibasyon ay nakakuha ng mataas na mean na 3.51, na nangangahulugan na mataas na motibasyon ay palagiang naipapakita. Ang mean rating ng iba't ibang aytem ay nasa pagitan ng 3.09 hanggang 3.90. Sinusuportahan sa resulta ng pananaliksik na ito ang natuklasan nina Schaffner at Schiefele (2017), na ang panloob na motibasyon ay may malakas na positibong kaugnayan sa kakayahan sa pagbabasa ng mga mag-aaral, kumpara sa panlabas na motibasyon. Binibigyang-diin ng pananaliksik na ang kasiyahan at personal na interes sa pagbabasa ay may malaking kontribusyon sa pagganap ng mga mag-aaral sa pagbabasa. Gayundin sa natuklasan nina Taboada et al., (2017), na ang mga mag-aaral na may panloob na motibasyon ay mas mahusay na gumanap sa mga pagsusulit at pag-unawa sa binasa. Ang mga panloob na motibasyon tulad ng pagkamausisa at pagnanais na matuto ay mahalaga para sa patuloy na tagumpay sa akademikong pagbabasa. Lalong pinagtibay ang natuklasang resulta sa pananaliksik nina Korpershoek et al. (2019) nagpapakita na ang mga mag-aaral na may mataas na panloob na motibasyon ay nagpakita ng mas mahusay na kasanayan sa pagbasa at pag-unawa sa mga aralin.

**Naramdaman na kahirapan sa Pagbasa.** Ipinapakita ng talahanayan na naramdamang kahirapan sa pagbasa ay nakakuha ng mababang mean na 2.54, na nangangahulugang mababa ang antas ng motibasyon sa pagbasa ay palagiang naipapakita. Ang mean rating ng iba't ibang aytem ay nasa pagitan ng 2.27 hanggang 3.03. Pinagtibay sa resulta ng pananaliksik ang natuklasan nina Cirino et al. (2017), ang mga mag-aaral na may kahirapan sa pagbabasa ay nagpakita ng mas mababang pagganap sa mga pagsusulit sa pag-unawa sa binasa. Ipinahayag din ang pagkabigo at mga pag-uugaling pag-iwas ng mga mag-aaral. Samantala ang natuklasang resulta ay tugma sa pananaliksik nina Quinn et al.(2019) ang mga maagang tagapagpahiwatig ng kahirapan sa pagbasa at nakita na ang mga mag-aaral ay may limitadong kasanayan sa pag-decode at bokabularyo sa maagang yugto ay mas malamang na makaranas ng mababang tagumpay sa pagbasa sa buong panahon ng pag-aaral. Binibigyang-diin nila na ang maagang kahirapan sa pagbasa ay madalas na nananatili at nadaragdagan ang kahirapan. Ang resulta ng pananaliksik na ito ay tumutugma sa isinagawa nina Sorenson et al.(2020) isang longitudinal na pag-aaral sa mga mag-aaral na nahihirapan sa pagbabasa, natuklasan na ang mga mag-aaral na patuloy na nahaharap sa mga hamon sa pagbabasa ay nakakuha ng mas mababang marka sa mga

pagsusuri sa pagbasa sa nakalipas na panahon. Ang mga resulta ay nagpapahiwatig na ang kahirapan sa pagbasa ay hindi lamang nakapipigil sa agarang pagganap sa klase kung hindi nagdudulot din ng pangmatagalang mababang resulta sa akademiko

### **Antas ng Kasanayang Pagsulat**

Makikita sa talahanayan 2. Ang kasanayan ng pagsulat ay sinukat sa limang mga indikektor: saloobin patungo sa pagsulat, pagbuo, pagrebisa, puna at kamalayan sa pagkontrol ng proseso sa pagsulat. Sa kabuuan sa antas ng kasanayang pagsulat ng mga mag-aaral ay nasa 3.36 na nangangahulugang katamtaman na ang kasanayang pagsulat sa Filipino ay minsan lang naipamalas. Ang kabuuang standard deviation na 0.60 ay nagpapahiwatig na may bahagyang pagkakaiba sa nasabing baryabol batay sa pananaw ng mga respondente. Sa pananaliksik ni Graham et al., (2017) nagpapakita na habang ang pagtuturo ng mga estratehiya tulad ng pagpapalano, pagrerebisa, at pag-eedit ay nagpapabuti sa pagganap ng pagsulat ng mga mag-aaral, ang kabuuang epekto ay katamtaman, na nagpapahiwatig na kahit na kapakipakinabang, ang mga estratehiyang ito ay hindi sapat upang makapagbigay ng mataas na antas ng kasanayan sa pagsulat. Taliwas naman ito sa natuklasan nina Ayog at Oliva (2023), na ang kasanayang pagsulat sa Filipino ay nakakuha ng mataas na antas na nangangahulugang ang mga mag-aaral ay may angkin kakayahan sa pagsulat sa Filipino. Sinusuportahan ng resulta ang pananaliksik ni Huisman et al., (2018), natuklasan ang katamtamang pag-unlad sa organisasyon at kalinawan ng pagsulat ng mga mag-aaral. Gayunpaman, ang gramatika at bokabularyo ay nagpakita ng kaunting pag-unlad nagpapahiwatig na ang pakikipag-ugnayan sa kapwa ay maaaring sumuporta lamang sa mga tiyak na aspeto ng pag-unlad ng pagsulat. Nagpapahiwatig ito na may malaking gampanin ang kaalaman sa balarila ng mga mag-aaral at kabilang na rito ang pagsulat ng tamang anyo ng salita, bahagi ng pananalita, uri ng pangungusap, at pag-aayos sa mga naisulat na kamaliang balarila.

### **Talahanayan 2**

#### *Antas ng Kasanayang Pagsulat*

<b>Indikektor</b>	<b>Mean</b>	<b>SD</b>	<b>Deskriptibong Antas</b>
Saloobin Patungo sa Pagsulat	3.34	0.81	Katamtaman
Pagbuo	3.32	0.67	Katamtaman
Pagrebisa	3.34	0.66	Katamtaman
Puna	3.42	0.71	Mataas
Kamalayan sa Pagkontrol ng Proseso sa Pagsulat	3.40	0.78	Katamtaman
<b>Kabuuang Mean</b>	<b>3.36</b>	<b>0.60</b>	<b>Katamtaman</b>

**Puna.** Ipinapakita ng talahanayan 2 na ang puna ay nakakuha ng mataas na mean na 3.42, na nangangahulugan ang kasanayan sa pagsulat ng Filipino ay madalas na naipamalas. Ang mean rating ng iba't ibang aytem ay nasa pagitan ng 3.19 hanggang 3.66. Sinusuportahan sa resulta ng

pananaliksik na ito ang natuklasan ni Wiliam (2018), na ang pormatibong puna, kapag isinama sa pang-araw-araw na pagtuturo sa silid-aralan ay nagreresulta ng makabuluhang pagbuti sa mga resulta ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang kanyang pag-aaral ay nag-ulat ng mataas na pag-unlad sa akademikong pagganap, partikular sa mga gawain sa literatura at pagsulat. Gayundin sa natuklasan nina Lipnevich at Smith (2018), na ang pagpuna sa pagsulat ay nagdulot ng mas mataas na kabuluhan sa kalidad ng pagsulat kumpara sa mga pagsulat na walang pagpupuna. Ito ay nagpakita na ang mga mag-aaral na nakatanggap ng detalyadong puna ay nakakuha ng hanggang 20% na mas mataas na marka. Lalong pinagtibay ang natuklasang resulta sa pananaliksik nina Shute at Rahimi (2021), ang mga mag-aaral na tumatanggap ng napapanahon at personal na puna ay nagpakita ng kapansin-pansing pagtaas ng marka sa mga gawaing may kaugnayan sa paglutas ng problema at pag-unawa.

**Pagbuo.** Ipinapakita ng talahanayan 2 na ang pagbuo ay nakakuha ng katamtamang mean na 3.32, na nangangahulugang katamtaman, ang kasanayang pagsulat sa Filipino ay minsan lang naipamalas. Ang mean rating ng iba't ibang aytem ay nasa pagitan ng 3.02 hanggang 3.66. Pinagtibay sa resulta ng pananaliksik ang natuklasan nina Alvarado et al., (2018), ipinakita ng resulta na bagaman nagawa ng mga mag-aaral na makabuo ng mga ideya, ang kanilang mga naisulat na awtput ay may mababang kalidad sa nilalaman at organisasyon, na may karaniwang iskor na 68.5. Nagpabatid na ang kakulangan sa scaffolding at malinaw na estruktura sa yugto sa pagbuo ng ideya ay maaaring naging dahilan ng mababang pagganap, dahil nahirapan ang mga mag-aaral na ayusin nang maayos ang kanilang mga ideya. Taliwas naman ito sa natuklasan ni Galvez (2023), sa kanyang pananaliksik nalaman na ang mga mag-aaral ay nakakuha ng antas na mataas sa aspeto ng pagbuo sa pagsulat sa Filipino. Malinaw na ang isang paksa ay nagbibigay ng pasimula upang makapag-iisip ang mga mag-aaral ng napakahalagang bagay na nakapagbabago sa kasanayan ng pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral. Gayunpaman ang natuklasang resulta ay tugma sa pananaliksik nina Hernandez at Martin (2020), ang epekto ng brainstorming bilang kasangkapan sa pagbuo ng mga ideya sa mga gawaing pagsulat. Ipinakita na bagama't malawakang ginagamit ang brainstorming sa pagtuturo upang itaguyod ang malikhaing pag-iisip, nagresulta ito sa mababang iskor para sa paglinang ng nilalaman sa mga sanaysay ng mga mag-aaral. Ang average na iskor ng pang-eksperimentong grupo ay 65.8, na mas mababa kaysa sa kontroladong grupo na gumamit ng mas estrukturang plano sa pagsulat. Napansin din na kadalasang nahihirapan ang mga mag-aaral na isalin ang mga ideyang nabuo tungo sa maayos na organisado at malinaw na sanaysay, na naglalantad ng agwat sa pagitan ng pagbuo ng ideya at ng aktwal na kalidad ng pagsulat.

### **Antas ng Pakikilahok sa Klase**

Makikita sa talahanayan 3 ang antas ng pakikilahok sa klase ng mga mag-aaral sa Senior High School sa mga aspeto ng kakayahan at tiwala sa sarili, estratehiya sa pagkatuto, kahalagahan ng pagkatuto ng Filipino, layuning pagganap, layuning nagawa, at motibasyon ng kapaligirang pagkatuto. Sa kabuuang antas ng pakikilahok sa klase ng mga mag-aaral sa Filipino ay nasa 3.59 na nangangahulugang mataas na antas ng pakikilahok sa klase ay palagi na ipinapakita. Ang kabuuang standard deviation na 0.64 ay nagpapahiwatig ng wala gaanong pagkakaiba at walang labis na pagtaas at pagbaba sa nasabing baryabol batay sa pananaw ng mga respondente. Sa pananaliksik nina Ayog at Oliva (2023), nakita na ang pakikilahok sa klase sa Filipino ay nakakuha ng mataas na antas, na nagpapakita ng madalas na nagkakaroon ng pakikilahok ang mga mag-aaral sa pagkatuto sa Filipino. Ito ay katulad sa resulta na nakita, nina Manwaring et al., (2017), isang pag-aaral hinggil sa pakikilahok sa mga blended learning na

pamamaraan, natuklasan nila ang isang matibay na positibong ugnayan sa pagitan ng aktwal na pakikilahok at tagumpay sa akademya, kung saan ang mataas na antas ng pakikilahok ay kaugnay sa pagtaas ng marka ng mga mag-aaral. Bukod dito, ayon kay Zepke (2018), binigyang-diin niya ang pakikilahok ng mga mag-aaral at mga makabuluhang paksa ay epektibong nagpapataas ng antas sa pakikilahok. Ang mga natuklasan ay nagpapakita na kapag nabibigyan ang mga mag-aaral ng masigla, interaktibo, at suporta sa pagkatuto, mas tumataas ang kanilang antas ng pakikilahok at bilang resulta mas humuhusay ang kanilang pagkatuto.

### Talahanayan 3

#### *Antas ng Pakikilahok sa Klase*

Indikeytor	Mean	SD	Deskriptibong Antas
Kakayahan at Tiwala sa Sarili	3.55	0.76	Napakataas
Estratehiya sa Pagkatuto	3.76	0.72	Napakataas
Kahalagahan ng Pagkatuto ng Filipino	3.80	0.84	Napakataas
Layuning Pagganap	3.22	0.87	Katamtaman
Layuning Nagawa	3.70	0.80	Napakataas
Motibasyon ng Kapaligirang Pagkatuto	3.52	0.81	Napakataas
<b>Kabuuang Mean</b>	<b>3.59</b>	<b>0.64</b>	<b>Napakataas</b>

**Kahalagahan sa Pagkatuto ng Filipino.** Ipinakikita ng talahanayan 3 na ang kahalagahan sa pagkatuto ng Filipino ay nakakuha ng mataas na mean na 3.80, na nangangahulugan ang pakikilahok sa klase ng mga mag-aaral sa Filipino ay palagiang naipakikita. Ang mean rating ng iba't ibang aytem ay nasa pagitan ng 3.67 hanggang 3.95. Pinagtibay ng resulta ng pananaliksik na ito ang natuklasan nina Ayog at Oliva (2023), na ang kahalagahan sa pagkatuto ng Filipino ay nakakuha ng mataas na antas, na madalas nagkakaroon ng pakikilahok ang mga mag-aaral sa pagkatuto sa Filipino. Gayundin sa natuklasan nina Napil at San Jose (2020), na mataas ang antas ng paniniwala ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng wikang Filipino at gumagamit sila ng epektibong mga estratehiya sa pag-aaral, na may kaugnayan sa karaniwang antas ng pagganap sa mga asignaturang Filipino. Lalong pinagtibay ang natuklasang resulta sa pananaliksik nina Bernal at Palma (2025) ang nagsuri sa mga salik na nakaaapekto sa motibasyon sa pagkatuto ng wikang Filipino sa mga mag-aaral sa Senior High School sa Rehiyon XI. Napag-alaman sa pag-aaral na ang kapaligiran sa silid-aralan ay may malaking epekto sa motibasyon ng mga mag-aaral na matuto ng Filipino, na higit pa ang impluwensiya kaysa sa partisipasyon ng mag-aaral at epektibong pagtuturo. Binibigyang-diin nito ang kahalagahan ng pagkakaroon ng angkop at kaaya-ayang kapaligiran sa pagkatuto upang mapalaganap ang pagkatuto ng wika.

**Layuning Pagganap.** Ipinapakita ng talahanayan 3 na ang layuning pagganap ay nakakuha ng katamtamang mean na 3.22, na nangangahulugang katamtamang antas ng pakikilahok sa klase ay palagiang naipakikita. Ang mean rating ng iba't ibang aytem ay nasa pagitan ng 2.79 hanggang 3.55. Pinagtibay sa resulta ng pananaliksik ang natuklasan nina Ayog

at Oliva. (2023) batay sa kanilang pananaliksik kung saan ang layuning pagganap ay nakakuha ng katamtamang antas nangangahulugang hindi gaanong madalas nakikita ng mga respondente ang ganitong uri ng motibasyon sa klase. May ilang interbensyon upang maabot ang mataas na antas ng deskriptibong pagsusuri sa tagapagpahiwatig gaya ng layunin sa pagganap. Ayon kina An at Mindrila (2020), mahalaga ang pagtataguyod ng positibong ugnayan, pagtugon sa pangangailangang sosyal ng mga mag-aaral, paggabay sa proseso ng pagkatuto, at pagsuporta sa mga personal na hamon. Pinatutunayan din ni Martin at Collie (2020), na ang positibong ugnayan sa pagitan ng mag-aaral at kapwa mag-aaral gayundin sa guro ay nakapagpapalakas ng partisipasyon at akademikong tagumpay. Sa karagdagan, ayon kay Rege et al. (2020), mahalagang alisin ang takot ng mga mag-aaral na mabigo sa klase upang mas maging bukas sila sa pakikilahok at mas mapaunlad ang kanilang pagganap.

### **Makabuluhang Ugnayan ng Motibasyon sa Pagbasa, Kasanayang Pagsulat, at Pakikilahok sa Klase ng mga Mag-aaral**

Makikita sa talahanayan 4 ang mga resulta ng makabuluhang ugnayan sa pagitan ng motibasyon sa pagbasa, kasanayang pagsulat, at pakikilahok sa klase ng mga mag-aaral. Ipinapakita ng datos ang isang mababang positibong relasyon sa pagitan ng motibasyon sa pagbasa at pakikilahok sa klase ng mga mag-aaral, na makikita sa  $r$ -value na 0.388. Dagdag pa, ipinapakita sa resulta na ang relasyon sa pagitan ng motibasyon sa pagbasa at pakikilahok sa klase ng mga mag-aaral ay mahalaga, na makikita sa  $p$ -value na mas mababa sa 0.05. Ipinahihiwatig nito na ang motibasyon sa pagbasa ay tumataas habang tumataas ang pakikilahok sa klase. Gayundin, ang kasanayang pagsulat ay nagpapakita ng katamtamang makabuluhang relasyon sa pakikilahok sa klase na may  $r$ -value na 0.694. Dagdag pa, ipinapakita sa resulta na ang relasyon sa pagitan ng kasanayang pagsulat at pakikilahok sa klase ng mga mag-aaral ay mahalaga, na makikita sa  $p$ -value na mas mababa sa 0.05. Dahil positibo ang  $r$ -value, ibig sabihin nito na habang tumataas ang kasanayang pagsulat, tumataas din nang malaki ang antas ng pakikilahok sa klase ng mga mag-aaral.

Ang mga natuklasan sa pananaliksik ay naayon sa resulta ng pag-aaral na isinagawa ni Wiggins (2021), natuklasan na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng motibasyon sa pagbasa at pakikilahok sa klase ng mga mag-aaral. Binibigyang-diin ng pananaliksik ang kahalagahan ng motibasyon at aktibong pakikilahok sa pagpapabuti ng kakayahan sa pagbabasa ng mga mag-aaral. Bukod dito, pinagtibay rin nito ang mga natuklasan nina Barotas at Palma (2023), nakita sa pangkalahatang resulta na mayroong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng motibasyon sa pagbabasa at pakikilahok sa klase ng mga mag-aaral. Samantala, pinagtibay rin ng pag-aaral na ito ang resulta ng pananaliksik ni Chavangklang (2024), sinuri ang epekto ng challenge-based gamification sa kakayahan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat at sa kanilang pakikilahok sa klase. Nagpakita ng positibong ugnayan sa pagitan ng pakikilahok sa klase at kasanayang pagsulat.

### **Talahanayan 4**

*Makabuluhang Ugnayan ng Motibasyon sa Pagbasa, Kasanayang Pagsulat, at*

*Pakikilahok sa Klase ng mga Mag-aaral*

Malayang Baryabol	Pakikilahok sa Klase		
	r – value	p-value	Remarks
Motibasyon sa pagbasa	0.388	<0.001	Significant
Kasanayang pagsulat	0.694	<0.001	Significant

Ang mga natuklasan ay sumasalamin sa achievement goal theory, kung saan ang mga mag-aaral ay naudyok na paunlarin ang kanilang sarili at magsikap na makamit ang tagumpay sa pag-aaral sa pamamagitan ng makabuluhang mga hamon at gantimpala sa aspekto ng pagkatuto. Gayundin, pinatunayan ng resulta ang mga ideya mula sa learning engagement theory, na ang aktibong pakikilahok sa klase, emosyonal, kognitibo, at pag-uugali ay mahalagang salik sa matagumpay na pagkatuto ng asignaturang Filipino.

**Makabuluhang Epekto ang Motibasyon sa pagbasa at Kasanayang Pagsulat sa Pakikilahok sa Klase ng mga Mag-aaral**

Makikita sa talahanayan 5 ang resulta ng multiple regression analysis. Ang resulta ay nagpapakita na tanging ang kasanayang pagsulat ay may makabuluhang tagapamagitan sa pakikilahok sa klase na may p-value na <0.001 at isang positibong standardized beta value na 0.652. Ibig sabihin nito na sa bawat pagtaas ng isang yunit sa halaga ng kasanayang pagsulat, may katumbas na pagtaas na 0.652 sa pakikilahok sa klase. Ito ay nagpapahiwatig na ang kasanayang pagsulat ay may positibong epekto sa pag-unlad ng pakikilahok sa klase.

Sa kabilang banda, ang resulta ay nagpapakita na ang motibasyon sa pagbasa ay hindi makabuluhang nakapagpapamagitan sa pakikilahok sa klase, na may p-value na mas mataas sa 0.05 na antas ng kahalagahan. Ito ay nagpapahiwatig na ang motibasyon sa pagbasa ay walang makabuluhang direktang epekto sa pakikilahok sa klase. Sa kabuuang resulta, ang nakuha na  $r^2$  value na 0.488 ay nagpapakita na ang motibasyon sa pagbasa at kasanayang pagsulat ay malaki ang naitulong sa pagbabago ng pakikilahok sa klase ng 48.8 porsyento ng kabuuang variability. Samakatuwid, ang pagkakaibang 51.2 na porsyento ay maaaring maiugnay sa iba pang mga baryabol o salik na hindi kasama sa pag-aaral na ito. Ang p-value na 0.01 na mas mababa sa 0.05 na antas ng kahalagahan ay nagpapakita ng makabuluhang epekto ng mga di-malayang baryabol sa malayang baryabol ng pananaliksik na ito.

**Talahanayan 5**

*Makabuluhang Epekto ang Motibasyon sa pagbasa at Kasanayang Pagsulat sa Pakikilahok sa Klase ng mga Mag-aaral*

Prediktor	Pakikilahok sa Klase			Remarks
	$\beta$	t	p-value	
Motibasyon sa pagbasa	0.092	1.908	0.057	Not Significant
Kasanayang pagsulat	0.652	13.542	< .001	Significant

***Holistic Model***

r <sup>2</sup>	0.488
F-value	132.585
p-value	< .001
Remarks	Significant

---

Ang mga natuklasan sa pananaliksik ay naayon sa resulta ng pag-aaral na isinagawa ni Kartika (2024), na may malakas na positibong ugnayan na nagpapahiwatig na mas mataas ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral na aktibong nakikilahok sa pagkatuto. Ang mga mag-aaral na may mataas na pakikilahok ay nagpakita ng mas malinaw at epektibong pagsulat, na maaaring dulot ng palagiang pagsasanay at aktibong pakikilahok. Bukod dito, pinagtibay rin nito ang mga natuklasan nina Chavangklang T. at Chavangklang P. (2024), ang makabuluhang pagtaas sa kakayahan sa pagsulat, kung saan may ugnayan sa pagitan ng pakikilahok sa pagkatuto at kakayahan sa pagsulat. Ipinahayag ng mga mag-aaral ang mataas na kasiyahan sa mga araling ginamitan ng gamified lessons, lalo na sa mga aspekto ng tagumpay, paggabay, at kasiyahan. Samantala, pinagtibay rin ng pag-aaral na ito ang resulta ng pananaliksik nina Suraworachet et al. (2022), nakita ang mas mataas na antas ng pakikilahok at mas pinahusay na kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Ipinakikita ng mga natuklasan ang mga benepisyo ng pagsasama ng iba't ibang mekanismo ng pidbak upang mapahusay ang pakikilahok ng mga mag-aaral at ang kanilang kasanayang pagsulat.

Ang mga natuklasan sa pananaliksik ay naayon sa resulta ng pag-aaral na isinagawa nina Pioquinto at Oco (2025), natuklasan na walang makabuluhang epekto sa pagitan ng motibasyon sa pagbasa ng mga mag-aaral at kanilang pakikilahok sa pagkatuto. Sa kabilang banda taliwas naman ito sa mga natuklasan nina Moneba at Lovitos (2024), na may mataas na antas ng saloobin at motibasyon sa pagbasa ang mga mag-aaral, ngunit napakababa ng kanilang kakayahang umunawa sa binasa. Gayundin ang resulta ng pananaliksik nina Toste et al., (2020), na ang motibasyon sa pagbasa ay nakaaapekto sa kakayahang umunawa ng binasa, at gayundin, ang kakayahang umunawa ng teksto ay nakaaapekto sa motibasyon ng isang mag-aaral na magbasa.

Dagdag pa rito, pinagtibay sa resulta ng pag-aaral na ito ang mga natuklasan nina Gulay at Pontillas (2024), ang isang positibong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng motibasyon sa pagbasa at pakikilahok ng mga mag-aaral, na nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral na may mataas na motibasyon sa pagbabasa ay mas nagiging aktibo sa mga gawaing may kaugnayan sa pagbabasa. Katulad din ito ng mga natuklasan nina Mao at Lee (2023), binigyang-diin na mahalaga ang mabisang pakikilahok upang mapabuti ang kasanayan sa pagsulat at pagkatuto ng mga mag-aaral. Samantala, ang resulta ng pag-aaral ay positibong nauugnay sa pag-aaral nina Ayog at Oliva (2023), natuklasan na ang kasanayang pagsulat ay nakakuha ng mataas na antas, gayundin ang natamo ng pakikilahok ng mga mag-aaral. Napag-alaman din na ang kasanayang pagsulat at pakikilahok ng mga mag-aaral ay may makabuluhang ugnayan.

Panghuli, sinusuportahan ng mga resulta ng pag-aaral na ito ang achievement goal theory, na nagsasaad na ang layunin ng isang mag-aaral o ang hangaring makamit ang mataas na marka ay may malaking epekto sa antas ng kanilang motibasyon at pakikilahok sa klase. Sa parehong paraan, inuugnay rin ito sa learning engagement theory, na nagpapakita na ang aktibong pakikilahok ng mag-aaral sa proseso ng pagkatuto, kognitibo, emosyonal, at pag-uugali ay mahalaga upang makamit ang mas mataas na antas ng kasanayan at kaalaman. Kaya naman, ang

mataas na motibasyon sa pagbasa at pagsulat ay nagiging susi sa mas malalim na pakikilahok ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto.

**Konklusyon.** Ang pananaliksik ay nagbigay-liwanag sa antas ng motibasyon sa pagbasa, at kasanayang pagsulat sa pakikilahok sa klase ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang pangkalahatang antas ng motibasyon sa pagbasa ay nasa katamtamang antas, na nagpapakita ng mababang interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa. Ito ay nangangahulugang mababa rin ang kanilang komprehensyon sa pagbasa. Bagamat katamtamang antas ang naging resulta nangangailangan itong bigyang-pansin sa aspekto ng pagtuturo upang palakasin ang kanilang interes sa pagbasa at malinang ang kanilang makrong kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino. Ang antas ng kasanayang pagsulat ng mga mag-aaral ay nasa katamtamang antas, na minsan lang nila naipamalas ang kasanayang pagsulat sa Filipino. Bagamat may kasanayan sa pagsulat ang mga mag-aaral sa Filipino, ito ay limitado sa aspekto ng bokabularyo, gramatika, at tamang paggamit ng mga salita na nagreresulta sa hindi aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase. Ang mataas na antas ng pakikilahok sa klase ay nagpapakita ng kanilang interes at kagustuhan na makilahok sa klase at pag-aralan ang asignaturang Filipino. Samakatuwid, ito ay isang mahalagang salik upang mapabuti at mahasa ang kasanayan sa pagsulat at pataasin ang motibasyon ng mga mag-aaral sa pagbasa.

Ang resulta ng pananaliksik ay nagpakita ng mababang positibong ugnayan ngunit makabuluhan sa pagitan ng motibasyon sa pagbasa at pakikilahok sa klase. Ipinakikita nito na bagamat limitado ang pakikilahok sa klase, ito ay may mahalagang papel sa upang pataasin ang motibasyon sa panloob at panlabas ng mga mag-aaral sa aspekto ng pagbasa. Bukod dito, natukoy ring ang kasanayang pagsulat ay may makabuluhang relasyon sa pakikilahok sa klase. Ibig sabihin nito na habang tumataas ang kasanayang pagsulat, tumataas din nang malaki ang antas ng pakikilahok sa klase. Ang pagsusuring gamit ang multiple regression analysis ay nagpakita na ang kasanayang pagsulat ay may makabuluhang epekto sa pakikilahok sa klase ng mga mag-aaral, na may positibong standardized beta value.

**SANGGUNIAN**

- Alvarado, J. A., Garcia, F. M., & Sanchez, R. L. (2018). The impact of idea generation on argumentative writing performance. *Journal of Educational Research*, 36(4), 112–126. <https://doi.org/10.1016/j.jedures.2018.04.002>
- An, Y., & Mindrila, D. (2020). Strategies and tools used for learner-centered instruction. *International Journal of Technology in Education and Science*, 4(2), 133–143. <https://doi.org/10.46328/ijtes.v4i2.74>
- Ayog, J. T., & Oliva, E. R. A. (2023). Writing Competency and Student Participation in Filipino Class: The Mediating Effect of Reading Strategy. *Asian Journal of Education and Social Studies*, 49(4), 84–94. <https://doi.org/10.9734/ajess/2023/v49i41190>
- Barotas, L. O., & Palma, R. C. (2023). Student Reading Motivation: Attitudes, Engagement and Strategies. *Asian Journal of Education and Social Studies*, 38(1), 9–24. <https://doi.org/10.9734/ajess/2023/v38i1815>
- Bernal, A. II S., & Palma, R. (2025). Effective teaching, student engagement, classroom learning environment: A structural model of motivation in learning the Filipino language. *International Journal of Innovative Research in Multidisciplinary Education (IJIRME)*, 4(2), 19–27. <https://doi.org/10.58806/ijirme.2025.v4i2n03>
- Cirino, P. T., Miciak, J., Gerst, E. H., Barnes, M. A., Vaughn, S., Child, A., & Huston-Warren, E. (2017). Cognitive and motivational characteristics of struggling readers in middle school. *Learning and Individual Differences*, 53, 190–202. <https://doi.org/10.1016/j.lindif.2016.10.027>
- Cochran, W. G. (1977). *Sampling Techniques* (3rd ed.). John Wiley & Sons. Corpus, B., & Salandanan, G. (2016). *Principles of Teaching 1*. Lorimar Publishing, Inc.
- Chavangklang, T., & Chavangklang, P. (2024). Enhancing students' learning engagement and academic writing ability through challenge-based gamification lessons. *Ratchaphruek Journal*, 22(3). <https://doi.org/10.14456/rpjnr.2024.45>
- Delpifino, J. (2019). Student engagement as a predictor of academic success (Master's thesis, Rowan University). Rowan Digital Works. <https://rdw.rowan.edu/etd/2616>
- Dweck, Carol & Leggett, El. A social-cognitive approach to motivation and personality. *Psychological Review* 95 (1988): 256–273. <https://psycnet.apa.org/doi/10.1037/0033-295X.95.2.256>
- Galvez, M. P. (2020). Modelong istruktural na panataya sa kasanayang pansulat sa Filipino (Doctoral dissertation, University of Mindanao). University of Mindanao Repository. <https://repository.umindanao.edu.ph/handle/20.500.14045/991>
- Gulay, S. M. E., & Pontillas, P. V. (2024). Reading motivation and engagement among Grade IV learners of Opol West District schools. *International Journal of Multidisciplinary Research and Analysis*, 7(8), 1–10. <https://doi.org/10.47191/ijmra/v7-i08-40>
- Graham, S., Bruch, J., Fitzgerald, J., Friedrich, L. D., Furgeson, J., Greene, K., Kim, J. S., Lyskawa, J., Olson, C. B., & Smither Wulsin, C. (2016, November 1). Teaching Secondary Students to Write Effectively. Educator's Practice Guide. What Works Clearinghouse.TM NCEE 2017-4002. ERIC. <https://eric.ed.gov/?id=ED569984>
- Hernandez, P. T., & Martin, G. D. (2020). The role of brainstorming in pre-writing tasks and writing performance. *International Journal of Writing Education*, 12(3), 112–126. <https://doi.org/10.1080/09787172.2020.1794012>
- Huisman, B., Saab, N., van den Broek, P., & van Driel, J. (2018). The impact of formative peer

- feedback on higher education students' academic writing: a Meta-Analysis. *Assessment & Evaluation in Higher Education*, 44(6), 863–880. <https://doi.org/10.1080/02602938.2018.1545896>
- Kartika S. (2024). Engagement to Excellence: Exploring the Correlation Between Student Participation and Writing Proficiency. *Lexeme : Journal of Linguistics and Applied Linguistics*, 6(2), 225–232. <https://doi.org/10.32493/ljlal.v6i2.42857>
- Kearsley, G., & Shneiderman, B. (1996). *Engagement Theory: A Framework for Technology-Based Teaching and Learning*. Jacoby & Associates. <https://malat-webspace.royalroads.ca/rru0023/wp-content/uploads/sites/70/2018/12/Kearsley-1998-Engagement-theory-A-framework-for-technology-based-teaching-and-learning.pdf>
- Konold, T. R., Cornell, D., Jia, Y., & Malone, M. (2018). The role of structured supportive relationships in promoting student engagement. *Journal of School Psychology*, 69, 1–13. <https://doi.org/10.1016/j.jsp.2018.04.002>
- Korpershoek, H., Kuyper, H., van der Werf, G., & Bosker, R. (2019). Who succeeds in reading and why? The role of motivation and achievement in early elementary school. *Learning and Individual Differences*, 70, 1–10. <https://doi.org/10.1016/j.lindif.2019.01.001>
- Lei, H., Cui, Y., & Zhou, W. (2018). Relationships between student engagement and academic achievement: A meta-analysis. *Social Behavior and Personality: An International Journal*, 46(3), 517–528. <https://doi.org/10.2224/sbp.7054>
- Lipnevich, A. A., & Smith, J. K. (2018). Effects of individualised feedback on writing performance. *Assessing Writing*, 38, 1–12. <https://doi.org/10.1016/j.asw.2018.06.001>
- Manwaring, K. C., Larsen, R., Graham, C. R., Henrie, C. R., & Halverson, L. R. (2017). Investigating student engagement in blended learning settings using experience sampling and structural equation modeling. *The Internet and Higher Education*, 35, 21–33. <https://doi.org/10.1016/j.iheduc.2017.06.002>
- Martin, Andrew, & Collie, Rebecca. Teacher–student relationships and students' engagement in high school: Does the number of negative and positive relationships with teachers matter? *Journal of Educational Psychology*. 111.5 (2019): 874. DOI:10.1037/edu0000317
- McGeown, S. P., Duncan, L. G., & Griffiths, Y. M. (2020). Reading motivation and reading achievement in secondary school: A cross-lagged analysis of the direction of the relationship. *Learning and Individual Differences*, 80, 101849. <https://doi.org/10.1016/j.lindif.2020.101849>
- Miyake, N. & Kirschner, Paul. (2014). The social and interactive dimensions of collaborative learning. <https://doi.org/10.1017/CBO9781139519526.026>
- Moneba, A. N., & Lovitos, A. H. R. (2024). Reading attitude and learning motivation as predictors of reading comprehension. *Asian Journal of Education and Social Studies*, 50(4), 185–199. <https://doi.org/10.9734/ajess/2024/v50i41322>Journal AJess
- Moralista, R., & Oducado, R. M. F. (2020). Faculty perception toward online education in higher education during the coronavirus disease 19 (COVID-19) pandemic. *Universal Journal of Educational Research*, 8(10), 4736–4742. <https://doi.org/10.13189/ujer.2020.081044>
- Napil, M., & San, A. (2020). Beliefs and strategies in Filipino language learning and academic performance of indigenous students. *International Journal of Educational Policy Research and Review*, 7(5), 151–163. <https://doi.org/10.15739/IJEPRR.20.017>
- Nauzeer, S., & Jaunky, V. C. (2021). A Meta-Analysis of the Combined Effects of Motivation,

- Learning and Personality Traits on Academic Performance. *Pedagogical Research*, 6(3), em0097. <https://doi.org/10.29333/pr/10963>
- Omair, A. (2015). Selecting the appropriate study design for your research: Descriptive study designs. *Journal of Health Specialties*, 3(3), 153. <https://doi.org/10.4103/1658-600X.159892>
- Pioquinto, R. G., & Oco, A. D. (2025). Reading inspiration and pupils' learning engagement. *International Journal of Multidisciplinary Research and Analysis*, 8(3), 222–230. <https://doi.org/10.47191/ijmra/v8-i3-19>
- Plasman, Jay Stratte. Career/Education Plans and Student Engagement in Secondary School. *American Journal of Education*, 124.2 (2018): 217-246. <https://doi.org/10.1086/695608>
- Quinn, J. M., Wagner, R. K., Petscher, Y., & Lopez, D. (2019). Developmental relations between vocabulary knowledge and reading comprehension: A latent change score modeling study. *Child Development*, 90(5), 1463–1474. <https://doi.org/10.1111/cdev.13263>
- Rege, Mari, Hanselman, Paul, Solli, Ingeborg, Dweck, Carol, Ludvigsen, Sten, Bettinger, Eric, Yeager, David. How can we inspire nations of learners? An investigation of growth mindset and challenge-seeking in two countries. *American Psychologist* 2020: 1-11. doi:10.1037/amp000064710.1037/amp0 000647
- Ribeiro, Í. J. S., Pereira, R., Freire, I. V., de Oliveira, B. G., Casotti, C. A., & Boery, E. N. (2019). Stress and quality of life among university students: A systematic literature review. *Health Professions Education*, 5(3), 70–77. <https://doi.org/10.1016/j.hpe.2018.07.001>
- Savvidou, E., & Pashiardis, P. (2019). Reading motivation and school leadership: A study of secondary school students in Cyprus. *International Journal of Educational Management*, 33(2), 315–327. <https://doi.org/10.1108/IJEM-11-2017-0349>
- Schaffner, E., & Schiefele, U. (2017). The contributions of intrinsic and extrinsic reading motivation to the development of reading competence and the moderating role of word decoding. *Developmental Psychology*, 53(4), 704–718. <https://doi.org/10.1037/dev0000223>
- Shute, V. J., & Rahimi, S. (2021). The power of adaptive feedback in digital learning. *Educational Psychologist*, 56(1), 30–48. <https://doi.org/10.1080/00461520.2020.1863788>
- Sorenson Duncan, M. T., Schatschneider, C., & Wagner, R. K. (2020). Understanding the relationship between reading comprehension and reading fluency: A longitudinal study. *Reading and Writing*, 33, 1125–1147. <https://doi.org/10.1007/s11145-019-09981-3>
- Suraworachet, W., Zhou, Q., & Cukurova, M. (2022). Impact of combining human and analytics feedback on students' engagement with, and performance in, reflective writing tasks. arXiv. <https://arxiv.org/abs/2211.08222arXiv>
- Taboada Barber, A., Buehl, M. M., & Beck, J. S. (2017). Beyond reading comprehension: Exploring the unique contributions of motivation and self-regulated learning. *Educational Psychology*, 37(6), 738–756. <https://doi.org/10.1080/01443410.2016.1165795>
- Tomaszewski, W., Xiang, N., & Western, M. (2020). Student engagement as a mediator of the effects of socioeconomic status on academic performance among secondary school students in Australia. *British Educational Research Journal*, 46(3), 610–630. <https://doi.org/10.1002/berj.3599>
- Toste, J. R., Didion, L., Peng, P., Filderman, M. J., & McClelland, A. M. (2020). A meta-analytic review of the relations between motivation and reading achievement for K–12 students.

- Review of Educational Research, 90(3), 420–456.  
<https://doi.org/10.3102/0034654320919352>
- Wang, M.-T., Fredricks, J. A., Ye, F., Hofkens, T. L., & Linn, J. S. (2016). The Math and Science Engagement Scales: Scale development, validation, and psychometric properties. *Learning and Instruction*, 43, 16–26. <https://doi.org/10.1016/j.learninstruc.2016.01.008>
- Wiggins, T. (2021). Correlation between Reading Motivation and Engagement and Student Reading Outcomes in Title One Elementary Schools. Doctoral Dissertations and Projects. <https://digitalcommons.liberty.edu/doctoral/2959/>
- William, D. (2017). Embedded Formative Assessment. [www.solutiontree.com](http://www.solutiontree.com).  
<https://www.solutiontree.com/embedded-formative-assessment-second-ed.html>
- Yildirim, O. (2017). Class Participation of International Students in the U.S.A. *International Journal of Higher Education*, 6(4), 94. <https://doi.org/10.5430/ijhe.v6n4p94>
- Zepke, N. (2018). Student engagement in neo-liberal times: What is missing? *Higher Education Research & Development*, 37(2), 433–446.  
<https://doi.org/10.1080/07294360.2017.1370440>
- Zhang, Xin., & McEneaney, John. What Is the Influence of Peer Feedback and Author Response on Chinese University Students' English Writing Performance? *Reading Research Quarterly* 55.1 (2020): 123-146. <https://doi.org/10.1002/rrq.259>